


# Sa kasalukuyan, mayroon pa ring average na 28 katao sa 1 araw ang nadadiagnose ng tuberkulosis sa Japan.

Kung 2 linggoo higit pang patuloy ang ubo/plema o patuloy ang banayad na lagnat o pananamlay ng katawan, magpatingin kaagad sa medikal na institusyon.




- Karamihan sa mga bagong pasyente ng tuberkulosis sa Japan ay matatanda at mga 3/4 (74%) ay 60 taong gulang at pataas
- Dumarami ang porsyento lalo na ng mga bata pang pasyente na ipinanganak sa ibang bansa na humigit kumulang mga 3/4 (77.5%) ng mga bagong pasyente ay kabataan (20-29 taong gulang)

MHLW Ministry of Health, Labour and Welfare of Japan

The Ministry of Health, Labor and Welfare's website about tuberculosis

# 5 Q&A kaugnay sa Tuberkulosis

## Q1 Ano ang mga sintomas ng tuberkulosis?

**A1** Dahil walang bukod-tangi sa mga sintomas ng tuberkulosis (nagtatagal na ubo, plema, sinat , pananamlay ng katawan at iba pa) kadalasang hindi kapansin-pansin sa simula, maaaring sumulong ito nang hindi napapansin lalo na sa matatanda. Kung 2 linggo o higit pang patuloy ang ubo o plema o patuloy ang sinat o pananamlay ng katawan, magpatingin kaagad sa medikal na institusyon.

## Q2 Paano nahahawa sa tuberkulosis?

**A2** Kapag sumulong ang tuberkulosis, makakalat ang Mycobacterium tuberculosis sa hangin sa pamamagitan ng ubo, bahing at iba pa. Sa pamamagitan ng paglanghap ng Mycobacterium tuberculosis na iyon, kumakalat ang impeksyon sa mga tao na nasa paligid (airborne transmission).

## Q3 Ano ang dapat pag-ingatan sa karaniwan?

**A3** Mahalaga ang regular na pagsailalim sa pagsusuri ng kalusugan. Kahit magkaroon ng tuberkulosis, kung maagang matuklasan, hindi lamang ang paglala ng sintomas, kundi maaaring maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa pamilya, kaibigan atbp.

## Q4 Anong uri ng tao ang nada-diagnose ng tuberkulosis sa Japan?

**A4** Marami sa mga bagong pasyente ng tuberkulosis ay matatanda, at halos 3/4 ay mga 60 taong gulang at pataas. Dagdag dito, dumarami lalo na sa porsyento ng mga pasyenteng bata pa na ipinanganak sa ibang bansa, sumasaklop humigit kumulang sa 3/4 ng mga bagong pasyenteng na nasa 20-29 taong gulang.

## Q5 Gagaling ba ang tuberkulosis kapag ginamot ito?

**A5** Sa karaniwan, gumagaling ang tuberkulosis kapag ininom ang gamot (gamot laban sa tuberkulosis atbp.) alinsunod sa tagubilin ng doktor. Mula 6 hanggang 9 na buwan ang karaniwang panahon ng paggamot. Kapag hininto ang pag-inom ng gamot habang ginagamot, o hindi ininom ang gamot alinsunod sa itinagubilin, magkakaroon ang Mycobacterium tuberculosis ng lakas na lumaban (resistensya) sa gamot, at maaaring ang Mycobacterium tuberculosis ay hindi na tinatablan ng gamot (resistant bacteria). Pinakamahalaga ang pagsunod sa tagubilin ng doktor, at patuloy na pag-inom ng gamot nang wasto hanggang matapos ang paggamot.

MHLW Ministry of Health, Labour and Welfare of Japan

The Ministry of Health, Labor and Welfare's website about tuberculosis